


10

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 7: El Filibusterismo



**Filipino – Ikasampung Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Ikaapat na Markahan – Modyul 7: El Filibusterismo  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Renato I. Molina, John Patrick A. Ellorin, Constancia J. Acacio, Evangeline E. Soriano	
<b>Editor:</b>	Joel B. Caballero, Edmundo A. Bisquera	
<b>Tagasuri:</b>	Arabella May Z. Soniega, Editha T. Giron, Gina A. Amoyen, Juneta A. Alvarez Evangeline E. Soriano	
<b>Tagaguhit:</b>	Abraham G. Ocan, Amy C. Agustin	
<b>Tagalapat:</b>	Abraham G. Ocan, Liezl O. Arosio	
<b>Tagapamahala:</b>	Tolentino G. Aquino Arlene A. Niro Gina A. Amoyen Editha T. Giron	Fatima R. Boado Russell Jim V. Tamayo Edmundo A. Bisquera Joel B. Caballero

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region I**

Office Address: Flores St., Catbangen, City of San Fernando, La Union  
Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137  
E-mail Address: region1@deped.gov.ph

**10**

# **Filipino**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 7:  
El Filibusterismo**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***

Magandang araw mag-aaral! Binabati kita sapagkat natamo mo ang mga kasanayan sa mga naunang aralin at natutuhan mo na ang mga mahahalagang konsepto tungkol sa nobelang *El Filibusterismo*. Ngayon ay naabot mo na ang huling aralin sa modyul na ito at tiyak kong mapagtatagumpayan mo ito dahil ang mga kasanayang natamo sa mga naunang aralin ay sapat na upang matapos mo ito.

Ang modyul 7 ay tumatalakay sa iba't ibang pasakit ng lipunan na naranasan ng ilang mga tauhan sa nobela. Nakapaloob din dito ang ilang mga mahahalagang aral na lalong magpapasidhi sa damdaming makabayan ng mga Pilipino.

Nakapokus ang araling ito sa buhay ni Padre Florentino, isang paring may paninindigan bagama't ilang beses nang sinubok ang katatagan nito.


Kalakip din nito ang ilang mga aktibidades na susubok sa iyong kakayahan sa pagsusuri at pag-aanalisa sa kabanatang babasahin mo.

Inaasahang sa pagtatapos din ng aralin ay mailalarawan mo ang mga tauhan at pangyayari sa tulong ng mga pang-uring umaakit sa imahinasyon at mga pandama.

Handa ka na ba? Kung gayon, iyo nang simulang sagutin at unawain ang nilalaman ng modyul na ito.

Sa araling ito malilinig ang mga Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC) na:

- a) Nailalarawan ang mga tauhan at pangyayari sa tulong ng mga pang-uring umaakit sa imahinasyon at mga pandama. **F10PB-IVi-j-83**




## Subukin

Bilang panimula, ating subukin ang iyong kaalaman hinggil sa mga tauhan ng nobela.

**Panuto:** Magbigay ng tatlong salitang maglalarawan sa bawat tauhang nasa larawan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1.



Basilio

1. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_

3. \_\_\_\_\_

2.



Padre Florentino

1. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_

3. \_\_\_\_\_

3.



Simoun

1. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_

3. \_\_\_\_\_

4.



Huli

1. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_

3. \_\_\_\_\_

5.



Ginoong Pasta

1. \_\_\_\_\_

2. \_\_\_\_\_

3. \_\_\_\_\_

## Gawain 1

**Panuto:** Punan ng wastong sagot ang bawat patlang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Si Padre Florentino ay isang pareng \_\_\_\_\_ na amain ni Isagani.  
A. Kastila  
B. Indiyano  
C. Pilipino  
D. Intsik
2. Naordinahan si Padre Florentino bilang isang ganap na pari sa edad na \_\_\_\_\_.  
A. 20 taong gulang  
B. 24 taong gulang  
C. 25 taong gulang  
D. 26 taong gulang
3. Malungkot ang buhay ni Padre Florentino, siya ay naging pari dahil sa kagustuhan ng kanyang \_\_\_\_\_.  
A. ama  
B. ina  
C. kuya  
D. ate
4. Ang sisidlan ng kayamanan ni Simoun ay itinapon ni Padre Florentino sa \_\_\_\_\_.  
A. bukid  
B. bundok  
C. dagat  
D. gubat
5. Pagkatapos uminom ng lason ni Simoun ay pumunta siya kay Padre Florentino upang \_\_\_\_\_.  
A. magpakumbaba  
B. magpasalamat  
C. mangumpisal  
D. magpatototo
6. Sinabi ni Padre Florentino kay Simoun na maganda ang kanyang layunin ngunit hindi naman maganda ang kaniyang \_\_\_\_\_.  
A. paghihiganti  
B. pananaliksik  
C. pamamaraan  
D. pamamalakad
7. Ninais ni Padre Florentino na itago na lamang sa kalikasan ang kayamanan ni Simoun at makuha na lang ng isang taong may \_\_\_\_\_.  
A. mabuting ugali at mayaman  
B. magandang hangarin at layunin  
C. may balak maghihiganti  
D. malaking pamilya.
8. Ayon kay Simoun ang katarungan ay \_\_\_\_\_.  
A. pag-ibig  
B. paghihiganti  
C. pagrerebelde  
D. pakikipaglaban
9. Ang El Fibusterismo ay isang nobelang politikal na naglalarawan ng kanser ng \_\_\_\_\_.  
A. bayan  
B. lipunan  
C. simbahan  
D. mamamayan
10. Maging mabuti lahat ng kaparaanan upang maging mabuti ang lahat ng \_\_\_\_\_.  
A. gawain  
B. buhay  
C. ugali  
D. wakas

# Aralin

# 1

## Padre Florentino: Kaagapay Tungo sa Katotohanan

Upang tiyakin ang lebel ng iyong pag-unawa sa naunang araling tinalakay, iyo munang sagutin ang sumusunod na katanungan. Alam kong kayang-kaya mo ito. Basahin mo muna ang panuto sa pagsagot.



### Balikan

**Panuto:** Tukuyin ang tauhang nagbigay ng pahayag na nasa unang aralin. Punan ang titik ayon sa hinihiling ng pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. “Ngunit Ginoong Simoun, maaaring magbunga ng kaguluhan ang paraang iyan”.

<b>P</b>					<b>E</b>	<b>S</b>					<b>L</b>	
----------	--	--	--	--	----------	----------	--	--	--	--	----------	--

2. Kung gayo’y sabihin ninyo kay Padre Camorra na kung tubig sana ang iniinom niya sa halip na alak o serbesa, marahil makabubuti sa lahat, magtatagumpay kami at hindi siya magiging bulung-bulungan.

<b>S</b>			<b>M</b>				
----------	--	--	----------	--	--	--	--

3. May labintatlong taon na po Ginoo nang tulungan ninyo ako. Kayo po ang tumulong sa akin sa paglibing ng aking ina.

	<b>A</b>						<b>O</b>
--	----------	--	--	--	--	--	----------

4. “Ang pagpapaumanhin ay hindi kabaitan. Walang mang-aalipin kung walang magpapaalipin. Ililigpit ka nila kung kailan nila nais tulad ng kanilang nais.

	<b>I</b>					<b>N</b>
--	----------	--	--	--	--	----------

5. Hindi po ako tumatahimik, pinili ko lamang ang pansariling gawain, ang karunungan.

		<b>S</b>	<b>I</b>				
--	--	----------	----------	--	--	--	--





## Tuklasin

### *Pagtalakay sa Kabanata*

Tara na't ating balikan at muling basahin ang Aralin 6

*Kabanata II - Sa Ilalim Ng Kubyerta*

*Kabanata III - Mga Alamat*

### **KABANATA XXXIX >>> ANG KATAPUSAN**

Namangha si Padre Florentino nang makitang wala na sa mukha ng maysakit ang anyong palagay at pakutyay. Isang lihim na nakita ng wari'y nagpapakunot sa kaniyang kilay, sa kaniyang paningin ay namamalas ang di-kapalagayang-loob at ang kaniyang bibig ay napapangiwi dahil sa isang ngiting dalamhati.

“Nahihirapan бага kayo, Ginoong Simoun?”, ang magiliw na tanong ng pari habang lumalapit.

“Kaunti po, ngunit sa loob ng ilang sandali ay matatapos ang paghihirap ko”, ang tugon na naigalaw pa ang ulo.

Sindak na pinagdaop ang mga kamay ni Padre Florentino dahil sa tila nakilala na niya ang kakila-kilabot na katotohanan. “Ano ang ginawa ninyo, Diyos ko? Ano ang inyong ininom?”, at iniunat ang kamay sa dako ng mga bote.

“Sayang lamang! Wala na pong lunas!”, ang naitugon nang buong lungkot. “Ano ang ibig ninyong gawin ko bago sumapit ang ikawalo... sa patay o sa buhay... patay, oo, ngunit buhay, hindi!”

“Diyos ko! Diyos ko! Ano ang inyong ginawa?”

“Huwag kayong maligalig...”, ang saway sa kaniya ng maysakit sa pamamagitan ng isang kilos. “Ang nagawa ay nagawa na. Hindi ako dapat mahulog ng buhay sa kamay ninuman, maaring makuha sa akin ang lihim. Huwag kayong mabahala, huwag ninyong guluhin ang inyong isip, wala nang mangyayari... Pakinggan ninyo ako! Malapit ng gumabi at hindi dapat mag-aksaya ng panahon. Kailangang sabihin ko ang aking lihim, kailangang ipagkatiwala, sa sandaling ito ay iibis sa akin ang isang pasanin, ibig kong ipaliwanag ang isang pag-aalinlangan. Kayo na may lubos na pananalig sa Diyos, ibig kong sabihin ninyo sa akin kung tunay ngang may isang Diyos!”

Ngunit isang panlaban sa lason, Ginoong Simoun...mayroon akong *apomortina*... mayroon akong *eter cloroformo*”. At humanap ang pari ng isang bote hanggang si Simoun ay inip na sumigaw.

“Wala nang mangyayari! Wala nang mangyayari! Huwag kayong mag-aksaya ng panahon! Yayao akong dala ang aking lihim.” Litong napaluhod ang klerigo sa kaniyang *reclinatorio*, nananalangin sa paa ni Kristo, isinubsob ang mukha sa dalawang kamay, at kagalang-galang na waring tinanggap sa kaniyang Diyos ang buong lakas, ang buong sanghaya, ang buong kapangyarihan ng isang hukom ng mga budhi. Inilipat ang isang silyon sa dakong uluhan ng maysakit at humandang makinig.

Sa mga unang salitang ibinulong sa kaniya ni Simoun, nang sabihin nito ang tunay na pangalan, ay napaurong ang matandang pari at tiningnang lipos ng sindak ang kaharap.

Ang maysakit ay malungkot na ngumiti. Dahil sa pagkakabigla ay hindi nasupil ang sarili ngunit madaling nakapagpigil, at matapos na matakpan ng panyo ang mukha ay muling tumungo upang makinig.

Isinalaysay ni Simoun ang kaniyang kasakit-sakit na kabuhayan, ang pangyayaring kung papaanong noong may labintatlong taon na ang nakaraan ay nagbalik siya galing Europa, na puno ng pag-asa at magagandang pangarap upang pakasal sa isang babaing iniirong, at laan sa paggawa ng kabutihan at pagpapatawad sa lahat nang gumawa sa kaniya ng masama, bayaan lamang siyang mabuhay nang payapa.

Ngunit hindi nagkagayon, isang mahiwagang kamay ang nagtaboy sa kaniya sa isang kaguluhang gawa-gawa ng kaniyang mga kalaban. Pangalan, yaman, pag-ibig, kinabukasan, kalayaan, nawala sa kaniya ang lahat at nakaligtas lamang sa kamatayan dahil sa kagitingan ng isang kaibigan. Sa gayo'y isinumpa niyang maghihiganti. Nagtanan siyang dala ang kayaman ng kaniyang mga magulang, kayamanang nakabaon sa isang gubat, nagtungo ng ibang lupain at siya'y nangalakal. Nakilalang pangkat, ngunit saan man siya'y nakikinabang. Doon niya nakilala ang Heneral na noon ay komandante, at naging kakilala niya dahil sa pangungutang sa kaniya at pagkatapos ay naging kaibigan dahil sa ilang kataksilang ginawa na alam ng mag-aalahas ang lihim. Siya, sa tulong ng salapi ay nakuha niyang pumarito ang Heneral, at ng nasa Pilipinas na ay ginawa niyang isang bulag na kasangkapan at itinaboy niya sa paggawa ng lahat ng kasamaan, na ang ginamit niyang pain ay ang walang habas na kasakiman sa salapi.

Ang pangungumpisal ay naging mahaba at mabigat, ngunit sa buong hinaba-haba ay hindi nagpapahalata sa anumang pagkagulat ang nagpapakumpisal at bihi-bhirang pinapatlangan ang maysakit. Gabi na nang tumindig si Padre Florentino, pinahid ang pawis sa mukha at nag-isip. Mahiwagang kadiliman ang naghahari sa loob ng silid na tinatanglawan ng sinag ng buwang pumapasok sa mga bintana at ang liwanag ay malamlam at nanganganinag na wari'y singaw.

Sa gitna ng katahimikan, ang tinig ng pari ay narinig na malungkot, banayad ngunit mapang-aliw. "Patawarin kayo ng Diyos, Ginoong Simoun!", ang sabi. "Batid Niyang tayo'y anak sa pagkakamali, nakita Niya ang inyong tiniis at sa pagpapahintulot na matagpuan ninyo ang kaparusahan ng inyong mga sala sa pagtatamo ng kamatayan sa kamay rin ng mga inudyukan niyo! Siya ang sumirang isa-isa sa inyong mga balak, ang lalong mabuti na ang pagkakabalangkas, ang una sa pagkamatay ni Maria Clara, makaraan, yaon ay dahil sa isang kawalang-ingat din natin sa Kaniyang kalooban at pasalamat natin Siya".

"Sa ganang inyo", ang mahinang sagot ng maysakit, "ay kalooban Niya ang mga punlong ito'y..." "Magpatulo sa Kaniyang kinasadlakan?", ang dugtong ng klerigo nang makitang ang kausap ay huminto.

"Hindi ko malaman ginoo, hindi ko matanto ang inaakala ng Diyos na hindi malirip. Batid kong hindi pinabayaan sa mga mahihigpit na sandali ang mga bayang nananangan sa Kaniya at Siya ang ginawang Hukom ng kanilang pagkatakot. Alam ko na ang Kaniyang bisig ay hindi nawala kailanman kapag niyurakan na ang katwiran at ubos na ang lahat ng paraan, ang sinisiil ay humahawak na ng sandata at nakikipaglaban dahil sa kaniyang tahanan, sa kaniyang asawa't mga anak, at dahil sa kaniyang mga di maitatakwil na karapatan na gaya ng sabi ng makatang Aleman ay kumikinang nang walang pagkaagnas at matibay roon sa kaitaasan ng walang pagkapawing mga bituin! Hindi ang Diyos na

Siyang katuwiran ay hindi mangyayaring magpabaya sa Kaniyang layon, ang layong kalayaan na kung wala ay wala namang katuwiran”.

“Kung gayon ay bakit ipinagkait sa akin ang kaniyang tulong?”, ang tanong ng maysakit na lipos ng hinanakit.

“Sapagkat pinili ninyo ang isang paraan na hindi Niya masasang-ayunan!”, ang sagot ng pari na matigas ang boses. “Ang karangalang pagliligtas sa isang bayan ay hindi kakamtin ng isang nakatulong sa pagpapahirap sa Kaniya! Inakala ninyong ang dinungisan at sinira ng pagkakasala at kasamaan ay mangyayaring malinis at maililigtas ng isa ring kasamaan! Kamalian! Ang kapootan ay walang nililikha kundi mga dambuhalang krimen ng mga salarin, tanging ang pag-ibig ang nakagagawa ng mga bagay na kahanga-hanga, ang kabaitan lamang ang nakapagliligtas! Hindi. Kung balang araw ang ating bayan ay magiging malaya ay hindi pagkakasalang hindi nila ginawa ang mga pagpatay upang mapagtakpan ang sala ng iba, ang di-kakayahan, mga kaawa-awang ama na inagaw sa kanilang tahanan upang gumawa ng walang kapararakan sa mga lansangang nasisira tuwing umaga at waring naglilibang lamang sa pagsusugba sa mga magkakaanak sa karalitaan... ah! Magtiis... gumawa... siyang kalooban ng Diyos! Papanaligin ninyo sila na ang kanilang pagkamatay ay siya nilang kaligtasan na ang kanilang paggawa ay siyang ikagiginhawa ng kanilang tahanan!”

Magtiis... gumawa! Anong Diyos iyan?” “Isang Diyos na lubhang matapat, Ginoong Simoun”, ang sagot ng pari. “Isang Diyos na nagpaparusa sa kakulangan natin sa pananalig sa ating masasamang hilig, sa munting pagpapahalaga natin sa karangalan sa ating pagkamamamayan. Pinababayaang natin at tayo’y nagiging katulong ng masasamang hilig kung minsan pa’y ating pinupuri ang gayon, kaya’t nararapat na bathin din natin ang ibubunga ng gayon at bathin din ng ating mga anak.

Siya ang Diyos ng kalayaan, Ginoong Simoun, Siya ang nag-utos sa ating ibigin ito, at ginagawang mabigat sa atin ang pasanin, isang Diyos ng kaawaan ng pagpapantay-pantay na sabay sa pagpaparusa sa atin ay pinabubuti tayo, at ang binibigyan lamang ng mabuting kalagayan ay yaong nararapat bigyan dahilan sa kaniyang pagsusumakit. Ang paaralan ng pagtitiis ay napagpapatibay, ang larangan ng tunggalian ay nakapagpapalakas sa mga kaluluwa. Hindi ko ibig sabihin na ang ating kalayaan ay tuklasin sa talas ng *sandata, espada* ay digaanong kagamitan sa mga bagong kabuhayan ngunit oo, ating tuklasin sa pamamagitan ng karapatan, sa pamamagitan ng pagpapataas ng uri ng katuwiran at ang karangalan ng tao na ibigin ng tapat.

Ang mabuti ay dakila hanggang sa mamatay ng dahil dito at pag ang isang bayan ay nakasapit na sa gayong kalagayan, ang Diyos ay nagbibigay ng sandata at lumalagpak ang mga diyos-diyosan, lumalagpak ang mga naniniil na wari’y mga kastilyong baraha at kumikinang ang kalagayang kasabay ng bukang-liwayway!

Ang ating kasamaan ay sa atin din buhat, huwag nating sisihin kahit sino. Kung nakikita ng Espanya na tayo ay hindi yumuyuko sa pandarahas sa pakikipagtunggali at pagtitiis ng dahil sa ating karapatan, ang Espanya ay siya nang unang-unang magbibigay sa atin ng kalayaan. Sapagkat pag ang bunga ng paglilili ay dumating na sa pagkahinog ay kahabag-habag ang inang magtangkang doo’y lumunod!

Subalit samantalang ang bayang Pilipino ay wala pang sapat na katigasang-loob upang ipahayag nang taas ang mga noo at lantad ang dibdib, ang kaniyang karapatan sa mamamayan at patibayin ito sa pamamagitan ng mga paghihirap ng kaniyang sariling dugo, samantalang nakikita natin ang ating mga kababayan, sa

sariling kalooban nakaririnig ng sigaw ng kaniyang budhi na nagbabaliwas at tumututol at sa lantarang pamumuhay ay hindi umimik at nakikisama sa pumapaslang upang kutyain ang pinaslang, samantalang nakikita nating nagkakasiya sa labis na paglingap dahil sa masasamang hilig at pagkakasala hindi sa paraang pasamain ang kaniyang mga anak, dayain ang ilan, bilhin ng salapi ang iba; ang kabaitan ay may kahulugang kabaitan, ang kabaitan ay pagpapakasakit at ang pagpapakasakit ay pag-ibig!

“Siya, tinatanggap ko ang inyong sabi”, ang tugon ng maysakit makaraan ang ilang sandali. “Ako’y nagkamali ngunit dahil sa ako’y nagkamali ay ipagkakait na baga ng Diyos na iyan ang kalayaan sa ating bayan at ililigtas ang marami pang lalong salarin kaysa sa akin? Ano na lamang ang kamalian ko sa piling ng malaking pagkakasala ng mga namamahala? Bakit pahahalagahan pa ng Diyos na iyan ang aking kabuktutan kaysa mga daing ng napakaraming walang sala?”

Bakit hindi ako sinugatan at pinapagtagumpay pagkatapos ang bayan? Bakit hinayaang magtiis ang gayon karaming mga karapat-dapat at mga tapat na loob at nasisiyahang lubos sa kanilang mga paghihirap?”

“Ang mga tapat na loob at mga karapat-dapat ay kailangang magtiis upang ang kanilang adhika’y makilala, lumaganap! Kailangang alugin o basagin ang sisidlan upang humalimuyak ang bango, kailangang pingkiin ang bato upang magbigay-ningas! Mayroon ding pasiya ang kalangitan sa mga pag-uusig ng mga maniniil, Ginoong Simoun!”

“Tunay, kaibigan maraming udyok ng kasamaan ang kumalat kaysa ibang bagay! Pinalusog ninyo ang kabulukan sa pamayanan nang hindi naghasik ng anumang adhikain. Sa pagpapasulong na iyan ng mga masasamang hilig ay walang sisipot kundi ang panghihinawa at kung mayroon mang biglang sumipot ay hindi maaaring sumipot sa layak. Tunay nga’t ang mga masasamang hilig ng isang pamahalaan ay makamamatay sa kaniya nguni’t pumapatay din naman sa kapisanang pinangyayarihan ng gayon.

Sa isang pamahalaan na may masamang hilig ay bagay ang isang bayang walang taros, sa pangasiwaang walang budhi ay bagay ang mga mamamayang magnanakaw at napaaalipin sa loob ng bayan at mga tulisan at mga manghaharang naman sa mga kabundukan. Kung ano ang panginoon, gayon din ang alipin, kung ano ang pamahalaan ay gayon din ang bayan”.

“Naghari ngayon po ang nararapat gawin?”, ang tanong ng maysakit.

“Magtiis at gumawa, walang paniwala sa Diyos!”

“Magtiis at gumawa!”, ang malungkot na ulit ng maysakit “Ah, madaling sabihin iyan pag hindi nagtitiis sa paggawa ng pinagkakamit ng gantimpala! Kung hinihingan ng inyong Diyos ang tao ng gayong karaming paghihirap ang taong bahagya pang makapanangan sa kasalukuyan at nag-aalinlangan sa mangyayari kinabukasan, kung nakakita lamang kayo ng gaya ng mga nakita kong mga maralita, mga kahabag-habag na nangagbata ng katakot-takot na pahirap dahil sa sarili at pumupuri sa tulong ng pilit na ngiti sa lalong mahahalay na kagagawan at nagmamakaawa sa paghingi ng isang bahagi na nasamsam, ano’t binigyan sila ng kalayaan?”

Sa piling ng Espanya o hiwalay sa Espanya tila hindi magbabago at marahil ay lalo pang sasama! Ano ang kailangan ng pagsasarili kung ang mga alipin ngayon ay siyang magiging maniniil bukas? At gayon nga ang kinauuwian nila sapagka’t umiibig sa paniniil ang sumasailalim nito.” “Ginoong Simoun, samantalang ang ating bayan ay hindi nahahanda, samantalang tumutungo sa

labanan ang nandaraya na walang lubos na kinalaman sa gagawin, masisira ang lalong matalinong pagtatangka. Mabuti pa nga ang mabigo sapagkat ano't ibibigay ang asawa sa lalaki kung hindi lubos na iniilog nito at nalalaang magpakamatay ng dahil sa kaniya?"

Naramdaman ni Padre Florentino na pinigilan ng maysakit ang kaniyang kamay at pinisil. Huminto at inantay na magsalita ngunit ang tanging naramdaman niya ay ang dalawa pang pisil, nakarinig ng ilang buntong-hininga at mahabang katahimikan ang naghari sa loob ng silid.


Ang dagat lamang na ang mga alon ay nangagsilaki dahil sa hangin sa gabi na tila nagising sa init ng umaga ang nagtatapon ng kaniyang paos na ungol ng kaniyang walang katapusang awit pagbayo sa mga nagtayong talampas. Ang buwang wala nang kalabang araw ay payapang nagtatalik sa langit at ang mga puno sa gubat na nangagyuyukuan ay nagsasalaysayan ng kanilang matatandang alamat sa pamamagitan ng mahihiwagang bulungang ipinaghahatid-hatiran ng hangin.

-----Wakas-----

Upang matiyak kung naunawaan mo ang nilalaman ng mga kabanata, iyong sagutin ang sumusunod na katanungan.

**Panuto:** Piliin at isulat ang letra ng napiling sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang dahilan ng pagtatalo nina Simoun at Isagani?
  - A. Kawalan ng respeto ni Simoun sa pagtatanong.
  - B. Minaliit ni Simoun ang mga taong hindi kayang bumili ng alahas.
  - C. Nagpumilit si Isagani na magpatayo ng Akademya ng Wikang Kastila.
  - D. Sinabi ni Padre Camorra na ang tao ay walang lakas at sigla dahil sa kaiinom ng tubig.
2. Ayon sa kabanata, bakit sinabing iba si Padre Florentino sa ibang mga pari?
  - A. Dahil sa kabutihang taglay ng pari.
  - B. Dahil sa pagiging bukas-palad nito sa mahihirap.
  - C. Dahil sa pagiging makasarili nito sa kaniyang yaman.
  - D. Dahil sa kawalan nito ng disiplina sa pag-inom ng alak.
3. Bakit humanga si Simoun kay Isagani?
  - A. Dahil kaya nitong ibuwis ang buhay alang-alang sa kaniyang sinisinta.
  - B. Dahil sa tapang nito sa pagkontra sa mga tinuran ni Padre Camorra.
  - C. Dahil sa kabila ng karukhaan ay nananatili itong matatag.
  - D. Dahil sa kanyang mithiin para sa bayan.
4. Ayon sa kabanata 39, ano ang dahilan ng pagbabalik ni Simoun sa Europa labintatlong taon na ang nakararaan?
  - A. Upang pakasal sa babaing kanyang iniilog.
  - B. Para gumawa ng kabutihan sa mga mamamayan.
  - C. Upang patawarin ang mga taong nakagawa sa kaniya ng masama.
  - D. Lahat ng nabanggit.
5. Bakit sinabi ni Simoun kay Padre Florentino na kailangan nitong magmadali?
  - A. Upang hindi siya abutan ng mga kaaway.
  - B. Upang mailigtas ang buhay ng minamahal.
  - C. Upang masabi niya ang kaniyang pinakatatagong lihim.
  - D. Para hindi matagalan sa pananatili nito sa bahay ng pari.



## ***Suriin***

Nagiging mas mabisa ang ating pagpapahayag kung maayos nating nalalapatan ng angkop na pang-uri ang isang tao, pangyayari, at iba pa. Dahil sa mga pang-uring ito, natutukoy natin ang ispesipikong katangian ng mga tauhan at naipararanas sa atin ang kaganapan sa isang pangyayari. Kung gayon, iyo nang basahin ang konsepto ukol sa pang-uri.

### **Mga Pang-uring Umaakit sa Imahinasyon at Pandama**

Ang **pang-uri** ay bahagi ng pananalita na nagbibigay deskripsyon o turing sa ngalan ng tao, bagay, hayop, pangyayari, lugar, kilos, oras, at iba pa.

Kadalasan, ginagamit ito upang mas bigyang linaw ang isang pangngalan. Ginagamit ang pang-uri upang lalong mailarawan at maipararanas ang konseptong nais iparating at ipakita.


#### **Halimbawa:**

- A. Ang maysakit ay malungkot na ngumiti. Dahil sa pagkakabigla ay hindi nasupil ang sarili ngunit madaling nakapagpigil, at matapos na matakpan ng panyo ang mukha ay muling tumungo upang makinig.*

Batay pa lamang sa talatang binasa ay naglaro na sa imahinasyon ang nagaganap dahil na rin sa mga paglalarawang inilantad ng mga pang-uring ginamit.

**Panuto:** Salungguhitan sa loob ng pahayag ang mga pang-uring ginamit dito. Gawin sa iyong sagutang papel.

1. Sindak na pinagdaop ang mga kamay ni Padre Florentino dahil sa tila nakilala na niya ang kakila-kilabot na katotohanan.
2. “Nahihirapan baga kayo, Ginoong Simoun?”, ang magiliw na tanong ng pari habang lumalapit.
3. Ang dagat lamang na ang mga alon ay nangagsilaki dahil sa hangin sa gabi na tila nagising sa init ng umaga ang nagtatapon ng kaniyang paos na ungol ng kaniyang walang katapusang awit pagbayo sa mga nagtayong talampas.
4. Kailangang alugin o basagin ang sisidlan upang humalimuyak ang bango, kailangang pingkiin ang bato upang magbigay-ningas!
5. Ang pangungumpisal ay naging mahaba at mabigat, ngunit sa buong hinaba-haba ay hindi nagpapahalata sa anumang pagkagulat ang nagpapakumpisal at bihi-bhirang pinapatlangan ang maysakit.



## Pagyamanin

Mahalagang magkaroon tayo ng kabatiran sa mga pahayag ng mga tauhan sa loob ng isang akda. Ngayon ay masusubukan naman ang iyong husay sa pagtukoy sa kahulugan ng mga piling pahayag ng mga tauhan. Alam kong kayang-kaya mo 'to.

### Gawain 1

**Panuto:** Tukuyin ang nais ipahiwatig ng sumusunod na mga pahayag. Isulat ang letra ng napiling sagot sa iyong sagutang papel.

- “Hindi kami bumibili sapagkat hindi kakulangan sa aming buhay.” – **Isagani**
  - Nauubusan tayo ng pera dahil sa hindi matalinong paggamit nito.
  - Mas mainam pa ang magtipid kaysa madalas na paggastos.
  - Kung sino ang mayroon sa bandang huli sila pa ang nawawalan.
  - Gumamit lamang ng naayon sa pangangailangan.
- “Ang Pilibustero ay di makababayad ng marangal na libing.” – **Padre Camorra**
  - Hindi mababayaran ang malaking gastos sa paglilibing.
  - Hindi sila kailanman makararanas ng magandang libing.
  - Ang taksil ay walang karapatang bigyan ng magandang libing.
  - Ang mga pilibusterong ang tanging malilibing lamang sa hukay.
- “Sapagkat pinili ninyo ang isang paraan na hindi niya masasang-ayunan.” – **Padre Florentino**
  - Ang kaisapan ng iisa ay gayundin sa nakararami.
  - Ang paraan na nais ay maluwig na sasang-ayunan.
  - Napagplanuhang piliin ang isang bagay na hindi kailanman papaburan.
  - Ang pagsang-ayon ay hindi makakalimutan ng walang anumang kadahilanan.
- “Ang kapootan ay walang nililikha kundi mga dambuhalang krimen ng mga salarin, tanging ang pag-ibig ang nakagagawa ng mga bagay na kahanga-hanga, ang kabaitan lamang ang nakapagliligtas.” – **Padre Florentino**
  - Ang masamang balak ay may masamang dulot samantalang ang mabuting balak ay may mabuting kahihinatnan.
  - Piliin mo mang gumawa ng kasamaan babalik ito ng walang hanggang kaparusahan.
  - Sa bawat sitwasyon ay nakabase sa maling intensiyon.
  - Sa paglipas ng araw matutong magpaumanhin.
- “Ang ating kasamaan ay sa atin din buhat, huwag nating sisihin kahit na sino.” – **Padre Florentino**
  - Bago mo gawin ang isang bagay ay pag-isipan mo ng sandaang beses.
  - Ibaling ang sisi sa sarili higit na kanino pa man, kahit ito ay pagkakamali ng iba.
  - Sisihin ang sangkot sa bawat pagkakamaling iyong nagawa.
  - Matutong tumanggap ng pagkakasala.

## Gawain 2

**Panuto:** Punan ng wastong sagot ang sumusunod na mga tanong.

1. Batay sa iyong binasang akda, sumulat ng limang mga katangian ni Padre Florentino na maaari mong tularan. Paano mo ito pahahalagahan?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
2. Paano ipinaliliwanag ni Padre Florentino na ang paghihiganti ay walang dulot na mabuti?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
3. Kung ikaw si Simoun, paniniwalaan mo ba ang lahat ng tinuran ni Padre Florentino? Ipaliwanag.  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
4. Sa iyong palagay, bilang isang lingkod ng Diyos, tama ba ang ginawa ni Padre Florentino sa pagtanggap kay Simoun?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_
5. Makatarungan ba ang ginawa ni Padre Florentino na itapon sa dagat ang pinagkatiwalang kayamanan ni Simoun?  
\_\_\_\_\_  
\_\_\_\_\_




## Isaisip

### Naaalala mo ba?

Bilang bahagi ng natutuhan mo sa aralin, subukin mong sagutin ang kasunod na gawain sa iyong sagutang papel.

<b>Kabanata</b>	<b>Di-Malilimutang Bahagi ng Kabanata</b>	<b>Mga Natutuhan sa Kabanata</b>
A. Kabanata II: Sa Ilalim ng Kubyerta		
B. Kabanata III: Mga Alamat		
C. Kabanata XXXIX: Katapusan		





## Isagawa

**Panuto:** Sumulat ng sanaysay na naglalarawan sa mga piling pangyayari/paksa sa kabanata.

**Mga Paksa:**

- A. Paghihiganti ni Simoun
- B. Pagtuligsa ni Padre Florentino kay Simoun
- C. Pangmamaliit ni Padre Camorra sa mga Mamamayan

**Pamantayan (Rubrik)**

Nilalaman	-	3
Organisasyon	-	3
Kaangkupan sa Paksa	-	2
Kalinisan	-	2
<b>Kabuoan</b>	-	<b>10</b>



## Tayahin

### Gawain 1


**Panuto:** Pillin sa Hanay B ang nagwika ng mga pahayag sa Hanay A. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

A	B
1. “Sa tulong ng Maykapal, tinawag ng Tsino ang santong Nicolas at naging bato ang buwaya”.	a. Isagani
2. “Hindi kami bumibili ng alahas sapagkat hindi kakulangan sa aming buhay”.	b. Padre Florentino
3. “Ang malapad na bato ay naging tirahan ng mga espiritu bago dumating ang mga Kastila; naging tahanan ng mga tulisan.”	c. Padre Camorra
4. “Ang pilibustero ay hindi makababayad ng marangal na libing.”	d. Kapitan
5. Ang paaralan ng pagtitiis ay nakapagpapatibay, ang larangan ng tunggalian ay nakapagpatalas ng kaluluwa.	e. Simoun
	f. Padre Salvi

## Gawain 2

**Panuto:** Tukuyin at isulat sa iyong sagutang papel ang letra na kukumpleto sa pangungusap.

1. Kilala si Padre Florentino bilang isang paring \_\_\_\_\_.  
A. mapagbigay    B. maramot    C. matapang    D. tamad
2. Kakaiba sa lahat ng pare si Padre Florentino na ipinakilala sa El Fili dahil siya'y isang \_\_\_\_\_.  
A. Amerikano    B. Arabo    C. Indiyano    D. Kastila
3. Si Padre Florentino ay naging ganap na pari sa edad na \_\_\_\_\_.  
A. 24    B. 25    C. 29    D. 35
4. Bakit nalungkot at nawalan ng sigla si Padre Florentino?  
A. hindi matanggap ng kanyang magulang na maaga siyang nag-pari  
B. nawalan siya ng mga kaibigan simula nong siya'y naging pari  
C. nalaman niya na nag-asawa na ang kanyang iniirong  
D. may suliranin sa simbahan
5. Mula sa ang angkan na \_\_\_\_ si Padre Florentino.  
A. mahirap    B. malaki    C. mayaman    D. tanyag



## Karagdagang Gawain


**Panuto:** Sumulat ng maikling talata na nagpapatunay na ang paghihiganti ay walang maidudulot na mabuti. Patunayan ito gamit ang pangyayaring naganap kay Simoun sa huling bahagi ng kabanata.

### Pamantayan (Rubrik)

Nilalaman	-	3
Organisasyon	-	3
Kaangkupan sa Paksa	-	2
Kalinisan	-	2
<b>Kabuoan</b>	-	<b>10</b>



Binabati kita sa iyong masigasig na pagsagot sa mga gawain na nakapaloob sa modyul na ito. Nawa'y pagbutihin pang lalo ang magandang nasimulan.



# Susi sa Pagwawasto

1. B
2. B
3. A
4. A
5. A

1. Padre Sibyla
2. Simoun
3. Basilio
4. Simoun
5. Basilio

## BALIKAN

1. B
2. C
3. B
4. C
5. C
6. C
7. B
8. B
9. B
10. D

Nakabatay ang sagot sa mag-aaral

## SUBUKIN

1. D
2. C
3. A
4. A
5. B

## Gawain 1

### PAGYAMANIN

1. dahil
2. habang
3. dahil
4. upang
5. ngunit

## SURIIN

1. A
2. C
3. B
4. C
5. C

## Gawain

1. F
2. A
3. D
4. C
5. B

## TAYAHIN

Nakabatay ang sagot sa mag-aaral

## ISAGAWA

## ***Sanggunian***

De Guzman, Ma. Odulio. 1960., Ang “El Filibusterismo” – Rizal, First Revised Edition, National Bookstore.

De Vera, Estrella E, et al, 2002. El Filibusterismo (Obra Maestra IV), Rex Bookstore.

Nem Singh, Eosario P. 2003, El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal, Binagong Edisyon, ISA-JECHO PUBLISHING.

Marasigan, Emily V. 2017 Pinagyamang PLUMA 10 (k to 12), Karapatang-ari ng Phoenix Publishing House, Inc.

Wong, Eduardo E. et al 2018, Kayumanggi sa El Filibusterismo (Unang Bahagi), Leo-Ross Publication, Imus, Cavite.

Wong, Eduardo E. et al 2018, Kayumanggi sa El Filibusterismo (Ikalawang Bahagi), Leo-Ross Publication, Imus, Cavite.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)